Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Ayos ng pangungusap

Panuto: Salungguhitan ang buong paksa o simuno ng bawat pangungusap. Pagkatapos, isulat sa patlang ang titik **K** kung ang ayos ng pangungusap ay *karaniwan* o *tuwid*. Isulat ang mga titik **DK** kung ang ayos ng pangungusap ay *di-karaniwan* o *kabalikan*.

_____ 1. Itatayo sa lupaing ito ang bagong paaralan.

_____ 2. Ang bawat aksyon ay may katapat na konsekwensiya.

_____ 3. Binubuo ng malalaki at maliliit na pulo ang bansang Pilipinas.

_____ 4. Ang pangarap ng Mang Tony ay makatayo ng sarili niyang talyer.

_____ 5. Si Vilma ay nakaipon na ng sapat na pera para sa kanyang bagong negosyo.

_____ 6. Nais magbakasyon sa Boracay ang mga bagong dating na turista.

_____ 7. Ang mga kumot ay donasyon ng mga mag-aaral para sa mga bata sa ampunan.

_____ 8. Pinagtitiwalaan ang taong laging matapat sa kanyang kapwa.

_____ 9. Ang magkapatid ay matiyagang nag-aaral para sa kanilang pagsusulit.

_____ 10. Dapat may disiplina ang mga nagmamaneho ng mga pampublikong sasakyan.

_____ 11. Ang kagandahan ng isang tao ay nakikita sa kanyang mga salita at kilos.

_____ 12. Sina Grace at Henry ay napiling maging mga kinatawan ng ating paaralan.

_____ 13. Nag-eensayo araw-araw ang mga estudyanteng magtatanghal sa programa.

_____ 14. Ang matandang babae ay nagpasalamat sa binatang tumulong sa kanya.

_____ 15. Ang bagong guro natin ay naghanda ng magandang leksiyon.

_____ 16. Humingi ng paumanhin ang batang nag-agaw ng laruan ni Beth.

_____ 17. Agad na natuklasan ang katotohanan tungkol sa naganap na kaguluhan.

_____ 18. Ako ay magboboluntaryo para maging bantay sa darating na halalan.

_____ 19. Tuwing Miyerkules at Linggo lang kinukuha ang basura sa subdibisyon.

_____ 20. Matatalino at masisipag ang mga bagong empleyado ng opisina.